

Pagsusuri ng COVID-19 sa California

Ano ang Dapat Malaman

Magpasuri at panatiliing ligtas ang iyong mga kaibigan, pamilya & komunidad.



Kailan dapat ako magpasuri?

Kailangan mo kaagad na magpasuri para sa COVID-19 kung ikaw ay nakakaramdam ng anumang [sintomas](#) – anuman ang iyong katayuan sa pagpapabakuna. Ang mga sintomas ng COVID-19 ay maaaring tulad ng karaniwang sipon (kasama ang “pagsinghot”), mga alerhiyang pana-panahon, o trangkaso. Ang pagpapasuri sa COVID sa California ay libre sa sinuman na nangangailangan nito.

- Kung ikaw ay nailantad sa COVID-19 at **hindi nakumpletong napabakunahan**, magpasuri kaagad. Kung ikaw ay nasuring negatibo, muling pagpasuri 5-7 na araw pagkatapos ng petsa na nailantad. Ang mga hindi napabakunahan ay dapat magpasuri ng 1-3 na araw bago anumang mataas na panganib na kaganapan at 3-5 na araw pagkatapos nito.
- Kung ikaw ay kumpletong napabakunahan kapag nailantad, kailangan mong magpasuri 5-7 na araw pagkatapos ng [malapitang pakikisalamuha](#) sa sinuman na may nasuring positibo kumakailan lamang.
- Kung ikaw ay gumaling mula sa COVID-19 sa huling 3 buwan at walang sintomas mula nang huling pagkalantad, hindi mo kailangan na magpasuri.
- Maglalakbay? Basahin ang iyong [fact sheet ng paglalakbay](#).
- Basahin ang aming [patnubay ng buong pagpapasuri](#). (Ang iyong paaralan o pinagtratrabahuan ay maaaring magkaroon ng sariling mga kinakailangan sa pagpapasuri.)

Saan ako maaring magpasuri?

Maaari kang magpatala ng libreng appointment ng pagpapasuri, maghanap ng isang walk-in na klinika ng pagpapasuri, o bumili ng isang self-test kit mula sa iyong lokal na botika. [Maghanap ng sityo ng pagpapasuri ng online](#) o tumawag sa (833) 422-4255 o 211. Bumisita sa [covid19.ca.gov](#) para sa karagdagang kaalaman. Alamin ang tungkol sa [uri ng pagpapasuri sa COVID](#).

Ang COVID-19 ay maaaring parang karaniwang sipon o alerhiya:

- Lagnat o panlalamig
- Ubo
- Kakulangan sa paghinga
- Kahirapan sa paghinga
- Pagkapagod
- Sakit sa kalamnan o katawan
- Sakit sa ulo
- Kawalan ng panlasa
- Bagong kawalan ng pang-amoy
- Sakit sa lalamunan
- Pambabara
- Tumutulong sipon
- Pagduduwal
- Pagsusuka
- Diarrhea



I-scan ang QR code upang makita ang mga interactive na links sa pliyego na ito.



Libre ba ang pagpapasuri sa California sa sinuman na nagangailangan nito?

Oo. Walang kabayaran na gastusin para sa medikal na kainakailangan sa pagpapasuri. Ang tagapagkaloob ng pagpapasuri ay sisingil sa iyong insurance nang direktso. Ang pagpapasuri ay libre sa mga [sityo ng pagpapasuri ng estado](#).

Kailangan ko bang mag-alala sa aking katayuan sa imigrasyon?

Hindi. Ang mga sityo ng pagpapasuri ay hindi magtatanoong sa iyo tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon.

Gaano katagal ko makukuha ang aking mga resulta?

Ang mga resulta sa pagpapasuri ay madalas handa na sa 2-3 na araw.

Ano ang dapat kong gawin habang inaantay ang aking mga resulta?

Kung ikaw ay may sintomas o may malapitang pakikisalamuha sa sinuman na may COVID-19, kailangan mo na mag-quarantine upang maiwasan ang pagkalat ng sakit. Kung kinakailangan mo na makipagsalamuha sa ibang mga tao, kasama ang iyong sambahayan, dapat kang magsuot ng mask palagi at sanayin ang pisikal na pagdistansiya. Kung ikaw ay nasuring positibo, ikaw ay mabibigyan ng patnubay ng pagpapagamot at pansariling pagbubuklod mula sa iyong lokal na departamento ng kalusugan.

Anong suporta ang maibibigay ng California sa pagbubuklod o quarantine sa COVID?

Ang mga tao na hindi makatrabaho dahil sa pagkakaroon ng COVID-19 o pagiging malapit sa sinuman na may sakit ay maaaring [maghain ng Disability Insurance \(DI\) claim](#) kung sila ay may nota mula sa kanilang manggagawa sa pangangalaga sa kalusugan. Ang mga tao na hindi makatrabaho dahil sila ay nangangalaga sa may sakit o naka-quarantine na miyembro ng pamilya na may COVID-19 ay maaaring [maghain ng Paid Family Leave \(PFL\) claim](#) upang makatulong sa nawala na sweldo. Sila ay kailangan na may nota mula sa manggagawa ng pangangalaga sa kalusugan.



Nasuring positibo sa COVID-19?

Tulongan na mapigil ang pagkalat sa pamamagitan ng pagsagot ng tawag o teks mula sa iyong departamento ng kalusugan. Kung ikaw ay may abiso ng CA na aktibo sa iyong telepono, piliin ang alerto na hindi makikilala ang mga taong nailantad. Para sa karagdagag impormasyon, bumisita sa canotify.ca.gov.



I-scan ang QR code upang makita ang mga interactive na links sa pliyego na ito.

